Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

23 Hunyo 20124 | Ika-12 Linggo sa Karaniwang Panahon | Taong B

Pag-asa Natin sa Kabila ng Lahat

Hindi laging maginhawa ang pumalaot sa dagat. Malao't madali, may nangyayaring nakasisira sa katahimikan. Sa harap ng matinding mga pagsubok, si Hesus ang ating tanging pag-asa para sa kaligtasan. At dapat tayong dumulog sa kanya, gaya ng kanyang mga disipulo nang minsang sila'y halos lumubog sa lakas ng bagyo.

Hindi lamang mga indibiduwal, pamilya, o institusyon ang sinasalanta ng malalakas na unos. Nananalasa rin ito sa Simbahan. Ngunit sa kabila ng lahat, hindi lamang nakaligtas ang Simbahan, kundi nakuha pa nitong lumago, salamat sa pananahan ni Hesus sa kanya.

Sariwain nawa natin ang katotohanang ito sa ating pagsisimula ng pagdiriwang ng Eukaristiyang ito at ialay natin ito para sa kaligtasan ng lahat ng nahaharap sa iba't-ibang uri ng mahigpit na pagsubok at paghihirap.



PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Panginoon ang sanggalang ng hinirang niyang bayan at ng hari n'yang hinirang. Ang kawan n'ya'y iingatan, babasbasan habang buhay.

Pagbati

P – Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!
B – **Amen!**
P **–**Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukrito, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipag-kaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!
B **–At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

P **–**Bilang paghahanda sa pagdiriwang ng mga Banal na Misteryo, alalahanin natin ang ating mga kasalanan at hilingin sa Panginoon ang kapatawaran at lakas. *(Manahimik saglit.)*

P **–**Panginoon, Ikaw ang bukal ng biyaya at buhay: Panginoon, kaawaan mo kami!
B **– Panginoon, kaawaan mo kami!**

P **–**Panginoon, Ikaw ang muog at katigan ng aming pananampalataya: Kristo, kaawaan mo kami!
B **–Kristo, kaawaan mo kami!**

P **–**Panginoon, tinatawagan Mo kaming manatiling tapat sa harap ng mga pagsubok: Panginoon, kaawaan mo kami!
B **– Panginoon, kaawaan mo kami!**

P**–**Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
B **– Amen!**

Papuri

B**–** Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P –Ama naming makapangyarihan, kami nawa'y magkaroon ng pitagan at pagmamahal para aming magawang sambahin ang ngalan mo sapagkat sa mga pinatatatag sa iyong pag-ibig, ikaw ay walang pinababayaang masadlak sa ligalig. Iniluluhog namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* – Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa ***Job 38:1.8-11***
Si Job ang sagisag ng lahat ng mabuting taong naharap sa mga hindi inaasahan at hindi karapat-dapat na hirap at pagdurusa. Sa paghanap nila ng mga paliwanag, sila – gaya ni Job – ay maaaring magtanong tungkol sa pagiging makatarungan ng Diyos. Ang sagot ng Diyos ay malimit na siyang hindi nila inaasahan, ngunit lagi namang paanyaya sa kanila para manalig sa Kanyang kapangyarihan at habag.

L –Pagbasa mula sa Aklat ni Job

Sa gitna ng nag-aalimpuyong bagyo, ganito ang sinabi ng Diyos kay Job: "Sino ang humarang sa agos ng dagat, nang mula sa kalaliman ito'y sumambulat? Ang dagat ay tinakpan ko ng makapal na ulap kaya ang karimlan doo'y lumaganap. Ang tubig ay aking nilagyan ng hangganan, upang ito'y manatili sa likod ng mga harang. Sinabi kong sila'y hanggang doon na lang, huwag nang lalampas ang along naglalakihan.

Ang Salita ng Diyos!
***B* – Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan ***Awit 106***

B –Panginoo'y papurihan sa pag-ibig n'ya kaylanman!

R. M. Velez



*** Mayroong naglayag na lulan ng barko sa hangad maglakbay, ang tanging layunin kaya naglalayag, upang mangalakal. Nasaksihan nila ang kapangyarihan ng Panginoong Diyos, ang kahanga-hangang ginawa ng Poon na hindi matarok.** ***B.***

*** Nang siya'y mag-utos, nagngalit ang dagat, hangin ay lumakas, lumaki ang alon na kung pagmamasdan, ay pagkatataas. Ang sasakyan nila halos ay ipukol mula sa ibaba, kapag naitaas ang sasakyang ito'y babagsak na bigla; dahil sa panganib, ang pag-asa nila ay halos mawala.** ***B.***

*** Nang nababagabag, sa Panginoong Diyos sila ay tumawag, dininig nga sila at sa kahirapan, sila'y iniligtas. Ang bagyong malakas, pinayapa niya't kanyang pinatigil, pati mga alon, na naglalakihan ay tumahimik din.** ***B.***

*** Nang tumahimik na, sila ay natuwa, naghari ang galak, at sinapit nila yaong pakay nila sa ibayong dagat. Kaya't dapat namang sa Panginoong Diyos ay magpasalamat, dahil sa pag-ibig at kahanga-hanga niyang pagliligtas.** **B.**

Ikalawang Pagbasa ***2 Cor 5:14-17***
Tuwina'y ipinagpapasalamat ni Pablo ang alaalang namatay si Hesukristo para sa lahat ng tao. Para sa kanya, marapat lamang na lahat tayo'y mabuhay para sa kanya na namatay para sa atin.

L –Pagbasa mula sa Ikalawang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

Mga kapatid:

Ang pag-ibig ni Kristo ang nag-uudyok sa aking magkaganyan, ngayong malaman kong siya'y namatay para sa lahat at dahil diyan, ang lahat ay maibibilang nang patay.

Namatay siya para sa lahat upang ang mga nabubuhay ngayon ay huwag nang mabuhay para sa sarili, kundi para kay Kristo na namatay at muling nabuhay para sa kanila.

Kaya ngayon, ang pagtingin namin kaninuman ay hindi na batay sa sukatan ng tao. Noong una'y gayon ang aming pagkakilala kay Kristo, ngunit ngayo'y hindi na. Kaya't ang sinumang nakipag-isa kay Kristo ay isa nang bagong nilalang. Wala na ang dating pagkatao; siya'y bago na.

Ang Salita ng Diyos!
***B* – Salamat sa Diyos!**

Aleluya ***Lu 7:16***

***B* – Aleluya! Aleluya!**
Narito at dumating na isang dakilang propeta, sugo ng D'yos sa bayan n'ya.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita ***Mc 4:35-41***
Ang salaysay tungkol sa bagyong pinayapa ni Hesus ay isang paanyaya sa ating manalig sa kanyang mapagligtas na tulong kapag tayo'y dumaranas ng mga kahirapan. Sadyang dakila ang kapangyarihan niyang magligtas. Lagi siyang nakahandang magligtas sa mga dumudulog sa kanya nang buong pananampalataya.

P –Sumainyo ang Panginoon!
***B* –At sumaiyo rin!**
P –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos
***B* –Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong araw na yaon, habang gumagabi'y sinabi ni Hesus sa mga alagad niya, "Tumawid tayo sa ibayo." Kaya't iniwan nila ang mga tao, at sumakay sa bangkang kinalululanan ni Hesus upang itawid siya. May kasabay pa silang ibang mga bangka. Dumating ang malakas na unos. Hinampas ng malalaking alon ang bangka, anupat halos mapuno ito ng tubig. Si Hesus nama'y nakahilig sa unan sa may hulihan ng bangka at natutulog. Ginising siya ng mga alagad. "Guro," anila, "di ba ninyo alintana? Lulubog na tayo!" Bumangon si Hesus at iniutos sa hangin, "Tigil!" At sinabi sa dagat, "Tumahimik

ka!" Tumigil nga ang hangin at tumahimik ang dagat. Pagkatapos, sinabi niya sa mga alagad, "Bakit kayo natatakot? Wala pa ba kayong pananalig?" Sinidlan sila ng matinding takot at panggigilalas, at nagsabi sa isa't isa, "Sino nga kaya ito, at sinusunod maging ng hangin at ng dagat?"

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B **– Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Nalulуklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P **–** Bunsod ng kabatirang tayo ay napaliligiran ng iba't-ibang uri ng kahirapan, tayo'y pakumbabang dumulog sa Panginoon at manalangin para sa mga panganganailangan ng sangkatauhan, ng Simbahan, at ng sa ating sarili:

B **– Panginoon, dinggin mo kami!**

* Para sa Inang Simbahan, na pamayanan ng mga disipulo ni Kristo: Nawa'y lagi siyang dumulog sa kanyang Tagapagtatag at Tagapagligtas para sa kanyang kaligtasan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa Santo Papa, mga Obispo, at mga kura paroko: Nawa sila'y maging laging maawain sa mga dumaranas ng matinding kahirapan at nangangailangan ng tulong. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga pamilyang nagdaraan sa krisis pangkabuhayan: Nawa'y makatagpo sila sa pananampalatayang Kristiyano ng bukal ng pakikipagkasundo, kapayapaan, at pag-asa. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng maysakit, lalo na sa mga may taning na sa buhay: Nawa'y kumapit sila sa mapagpagaling na presensiya ni Hesus at patuloy silang manalig sa kanya bilang kanilang Tagapagligtas at Panginoon. Manalangin tayo! ***B***

* Para sa ating sarili at sa mga mahal natin sa buhay: Nawa'y mailigtas tayo sa lahat ng panganib, pagpalain tayo sa ating mga gawain, at patuloy na magtiwala sa mapagligtas na grasya ni Hesus. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng mga migranteng umiiwas sa gutom at giyera na napipilitang mangibang-bayan sa kabila ng panganib at karahasan: Makatagpo nawa sila ng pagtanggap at pagkalinga sa mga bayang magbubukas ng pintuan sa kanila. Manalangin tayo. ***B.***

P **–** Panginoong Diyos, bukal ng aming pag-asa at kaligtasan, lingapin Mo ang Iyong bayang dumudulog sa Iyo nang buong pananalig. Patuloy nawa naming malasap ang kapangyarihan ng Iyong mapagligtas na pag-ibig. Isinasamo namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.
P **– Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

P – Manalangin kayo . . .

B **– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

P **–** Ama naming Lumikha, tanggapin mo ang aming paghahain ng papuri sa iyong kabutihan sa amin. Sa dulot nawa nitong kadalisayan, kami nawa'y makapag-alay ng iyong kinalulugdan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B **– Amen!**

Prepasyo V

P – Sumainyo ang Panginoon!

B **– At sumaiyo rin!**

P – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

B **– Itinaas na namin sa Panginoon!**

P – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

B **– Marapat na siya ay pasalamatan!**

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Ikaw ang lumikha sa tanan. Ikaw ang nagtakdang magkaroon ng gabi at araw, gayundin ng tag-init at tag-ulan. Ikaw ang humubog sa tao bilang iyong kawangis na mapagkakatiwalaang mangasiwa sa daigdig. Ikaw ngayo'y pinaglilingkuran sa pagganap sa pananagutan ng iyong pinagtitiwalaan sa pamamagitan ng Anak mong mahal.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B **– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B **– Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

PAKIKINABANG

B **– Ama namin . . .**

P – Hinihiling namin . . .

B **– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

***B*– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

***P*–** Ito ang Panginoong Hesus, ang liwanag ng lahat ng mga bansa. Siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

***B*– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ang D'yos ay inaasahan ng tanang nangabubuhay pagka't s'ya ang nagbibigay ng pagkaing kailangan palagi at araw-araw.

Panalangin Pagkapakinabang

***P*–** Ama naming mapagmahal, kaming nakinabang sa Katawan at Dugo ng iyong Anak ay sumasamo sa iyong habag upang ang aming taimtim na ginanap ay maging pagtanggap namin sa tiyak mong pagliligtas sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*– Amen!**

PAGWAWAKAS

***P*–** Ang Panginoon ay sumainyo.

***B*– At sumaiyo rin!**

***P*–** Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik saglit.)*

– Alalayan nawa kayo ng Panginoon sa lahat ng inyong mga pagsubok at palakasin kayo ng Kanyang biyaya.

***B*– Amen!**

***P*–** Lingapin nawa kayo sa inyong mga pagdurusa at gantimpalaan kayo sa inyong pagsisikap na makaiwas sa kasamaan at gumawa ng kabutihan.

***B*– Amen!**

***P*–** Gawin Niya nawa kayong mga kasangkapan ng Kanyang pagkalinga at pagtulong sa inyong tahanan, pinapasukan, at pamayanan.

***B*– Amen!**

***P*–** Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama, Anak, at Espiritu Santo.

***B*– Amen!**

***P*–** Humayo kayo sa kapayapaan para harapin ang mga kahirapan ng buhay nang buong pananampalataya at lakas ng loob.

***B*– Salamat sa Diyos!**

Are you preparing children for First Communion?
Then you need

"THE MASS EXPLAINED TO KIDS"



A coloring book on the Mass, with a collection of appropriate songs, basic Catholic prayers, and a Mass Guide for First Communion!

Contact **WORD AND LIFE PUBLICATIONS**
for further information
on everything you need
for this memorable occasion
in the life of every Catholic child.

WORD AND LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. B. Nolasco, Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

SA KABILA NG LAHAT

Kalakbay at Katoto

Unos at bagyo ang pasimulang tumatambad sa atin sa mga pagbasa. Sa kalawakan ng dagat na binabayo ng bagyo, isang mapagpayapang mga katanungan ang bigkas ng Panginoon kay Job. Ang larawang ipinipinta ay walang iba kundi ang Diyos na siyang nagpapahinahon sa nagngangalit na mga alon, unos, at hagupit ng hangin.

Katiwasayan . . . Kapayapaan . . . Kahinahunan. Ito ang magandang balita para sa atin ngayong araw na ito. Sa gitna ng unos at nangaglakihang mga alon na humahampas sa bangkang kinalululanan ng mga nahintakutang mga disipulo, isang mapaghupang kataga mula sa Panginoon ang nagpatahimik sa dagat. *"Tahimik! Maghupa ka!"* Kagya't naghari ang katiwasayan at ang takot ng mga disipulo ay napalitan ng pagkamangha.

Ang buhay ng tao ay parang isang bangkang nababalot ng pangamba at takot. Takot ang laman ng puso ng mga marinerong naglalayag sa bandang Somalia. Pangamba ang laman ng damdamin ng mga sundalong nadedestino sa lugar na may giyera. Malaking mga katanungan ang nasa isipan ng mga taong hindi tiyak kung ang kanilang trabaho ay magtatagal pa, o lalamunin ng mga murang bilihin angkat mula sa China.

At tulad ng karanasan ng mga disipulo, tila natutulog lamang ang Diyos at mistulang walang pansin sa mga nagaganap.

Subali't tayo ay nagtitipon tuwing Linggo sapagka't ang Linggo ang araw ng Panginoon. Ito ang araw ng Panginoon kung kailan ang pinakamalaking dahilan ng takot at pangamba ng tao ay nagapi at napagwagian nang lubusan. Ito ang araw ng muling pagkabuhay ng Panginoon.

Kung mayroong isang tao na dapat sana ay nagapi ng takot at tampo sa Diyos, ito ay si Job. Susun-suson, sapin-sapin, tagni-tagni ang mga suliraning dumating sa kanya. Subali't sa araw na ito, naghupa ang kanyang damdamin sa kabila ng unos at bagyo dahil sa paliwanag ng Diyos. **Sa kabila ng lahat . . . ito ang punto de vista ng taong may tiwala at pananampalataya sa Diyos**. Ito ay sapat para mamutawi mula sa kanyang labi ang mga kataga tulad ng ating tugon sa unang pagbasa: *"Magpasalamat sa Diyos; ang kanyang pag-ibig ay walang hanggan."*

Hindi kaila sa atin na ang mga suliranin ay patuloy na sasagi sa buhay ng tao. Ang mga pagsubok ay patuloy ring darating sa buhay ng bawa't nilalang. Hindi magwawakas ang pagdating ng bagyo sa lupang Pilipinas, mahigit sa 26 bawa't taon. Patuloy tayong dadalawin ng takot at pangamba. Subali't iba na ang punto de vista ng taong may tiwala at pananampalataya sa Diyos. Para siyang isang halamang nakatanim sa tabi ng sapa. Matatag siya at tiyak sa pagkakatubo . . . sa kabila ng lahat.